JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhandumaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 1

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan- Modyul 1:
## Paaralan ko, Alam ko



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jeane A. Mag-usara
Gregeline D. Leonardo

**Editor:** Gregeline D. Leonardo

**Tagasuri:** Miriamita L. Labrado
Evelyn O. Capadngan

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Xerxis Beryl Q. Serafin

**Tagalapat:** Gregeline D. Leonardo

**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS - LRMDS

Alma L. Carbonilla, EdD
EPS – Araling Panlipunan



# Alamin

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat para sa iyong kaalaman. Layunin nitong matulungan ka upang malaman mo at masasabi ang mga mahahalagang impormasyon tungkol sa iyong paaralan. Ang saklaw ng modyul na ito ay nagpapahintulot na maaari itong gamitin sa iba't ibang sitwasyon ng pagkatuto. Ang wikang ginamit ay angkop sa magkakaibang antas ng bokabularyo ng mga mag – aaral. Ang aralin ay inayos ayon sa tamang pagkakasunod – sunod ng mga paksa na makikita sa aklat.

Pagkatapos mapag – aralan ang modyul na ito, inaasahang ikaw ay:

1. makapagsasabi sa mga batayang impormasyon tungkol sa sariling paaralan: pangalan (bakit ipinangalan ang paaralan sa taong ito), lokasyon at ilang ng taon simula sa pagkatatag nito (**AP1PAAIIIa-1**).



# Balikan

Tukuyin kung anong pagpapahalaga ang ipinahayag sa bawat bilang. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat ang titik sa patlang.

| |
|---|
| A. Pagpapahalaga sa nakatatanda<br>B. Pagpapahalaga sa Panginoon<br>C. Pagpapahalaga sa edukasyon<br>D. Pagpapahalaga sa pakikisama sa ibang pamilya<br>E. Pagkakabuklod ng pamilya |

_____ 1. Sa tuwing sasapit ang pasko, ang magkakapamilya ay nagsasama sa isang lugar upang magdiriwang.
_____ 2. Inaalagaan ni Alrey ang kanyang lolo na may sakit.
_____ 3. Nagpapadala ang pamilya ng tulong sa kanilang mga kababayan na nasalanta ng bagyo.
_____ 4. Ang pamilya Asingua ay sama- samang nananalangin.
_____ 5. Pinagsisikapan ng mga magulang ni Joann na makapagtapos siya ng pag-aaral.

| Aralin 1 | Batayang Impormasyon Tungkol sa Sariling Paaralan |
| --- | --- |




# Tuklasin

Basahin ang pag-uusap ni Jenny at ni karen.

Sumasaya ako, Karen tuwing pumapasko tayo sa paaralan.

Ganoon ba Jenny.



.

Marami ang akong natutunan at dumarami din ang aking mga kaibigan.

Ako rin Jenny.
Kaya gusto ko na palaging pumapasok sa ating paaralan.

Ano kaya ang pangalan ng kanilang paaralan?
Saan kaya ito matatagpuan?
Ilang taon na kaya ito simula sa pagkatatag?

Malalaman mo ang mga kasagutan sa susunod na bahagi ng ating modyul.



# Suriin

Ang sabi nina Jenny at Karen ay:



Kami po ay nag-aaral sa Mariano Elementary School.

Ang aming paaralan ay ipinangalan sa isang mabait na tao na nagbibigay ng lupain upang maitatag ito. Siya ay si Mariano Cruz.

Makikita ito sa Kalye Dapitan Sampaloc, Lungsod ng Maynila. Itinatag ito noong 1990. Tatlumpu't taon na ito bilang paaralan.

Ang iyong paaralan ay ang iyong tahanan habang ikaw ay nag-aaral. Kaya naman, alam mo dapat ang mga batayang impormasyon tungkol dito.

Ang mga sumusunod ay mga batayang impormasyon sa inyong paaralan na dapat malaman.

◎ Pangalan ng paaralan
◎ Lokasyon ng paaralan
◎ Taon ng pagkatatag
◎ Gulang ng paaralan simula pagkatatag nito

Katulad ng paaralan nina Karen at Jenny. Ito ang mga mahahalagang impormasyon kung saan sila nag-aaral.

| | |
|---|---|
| Pangalan ng paaralan : | Mariano Elementary School |
| Lokasyon ng paaralan: | Kalye Dapitan, Sampaloc, Lungsod ng Maynila |
| Taon ng pagkatatag: | 1990 |
| Gulang ng paaralan: | 33 taon simula pagkatatag nito |



## *Pagyamanin*

Pagtapatin ang hinihinging impormasyon sa hanay A sa hanay B. Isulat ang tamang titik ng iyong sagot.

| A | B |
|---|---|
| _____1. Paaralan | A. 1984 |
| _____2. Lokasyon | B. 36 na taong gulang |
| _____3. Taong itinatag | C. Kalye ng San Roque, Lungsod ng Ozamiz |
| _____4. Gulang ng paaralan | D. San Roque Elementary School |
| _____5. Dahilan kung bakit | E. Galing sa pangalan ng kalye pinangalan sa taong itinatag |



## Gawain

Basahin nang mabuti ang maikling talata tungkol sa isang mag-aaral na bagong lipat sa ibang lugar. Sagutin ang mga tanong at isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

> Ako po si GC Asingua. Bagong lipat po kami dito sa Lungsod ng Ozamiz at dito na rin ako nag-aaral sa Bagumbang Elementary School. Ito ay matatagpuan sa Kalye ng Bagumbang, Ozamiz City. Ang sabi ng guro ko, ito ay itinatag noong 1975 at may 45 na taong gulang na ito. Gustong- gusto ko ang aking paaralan dahil sa aking magiliw na guro at may mga bago akong nakilala.

1.Sino ang bagong lipat sa lungsod ng Ozamiz?
   A. LG
   B. CJ
   C. GC
2. Ano ang pangalan ng kanyang bagong paaralan?
   A. Ozamiz Elementary School
   B. Bagumbang Elementary School
   C. Ozamiz Central Elementary School
3. Kailan ito itinatag?
   A. 1975
   B. 1999
   C. 2020
4. Ilang taong gulang na ito mula pagkatatag?
   A. 55
   B. 45
   C.35
5. Masaya kaya siya sa paaralang ito? Bakit?
   A. Opo, dahil malaki ang kanyang baong pera
   B. Hindi, po dahil malayo ang paaralan sa kanilang bahay
   C. Opo, dahil mabait ang kanyang guro at nagkaroon na siya ng maraming kaibigan.



# Isaisip

Piliin ang mga batayang impormasyon tungkol sa paaralan ni Daisy sa loob ng kahon. Punan ng tamang sagot ang bawat bilang upang mabuo ang talata.

| | |
|---|---|
| * Naninirahan | * Daang Bantayan, Cebu City |
| * 36 taon | * maganda at mapagbigay |
| * 1984 | * Romano Elementary School |

* ngalan ng isang mabait na kapitan sa kanilang barangay noon

Si Daisy ay nag-aaral sa ______________________________. Ito ay matatagpuan sa ____________________________________. Itinatag ito noong _________.

Maganda at malaki ang kanilang paaralan. ______ ang gulang ng kanilang paaralan simula pagkatatag nito. Ang pangalan ng kanilang paaralan ay galing sa ________________________________.



# Tayahin

Bilugan ang tamang titik ng iyong sagot.

1. Si Carlosa Asingua ay nag-aaral sa Tuburan Elementary School. Saan nag-aaral si Carlosa?
   A. Tuburan Elementary School
   B. Cebu Elementary School
   C. De Oro Elementary School
2. Ang Mandaue City Central School ay itinatag noog 1935. Tungkol saan ang pangungusap?
   A. tungkol sa pangalan ng paaralan.
   B. tungkol sa lokasyon ng paaralan.
   C. tungkol sa taon kailan natatag ang paaralan.
3. Alin sa mga sumusunod na impormasyon ang tumutukoy sa lokasyon ng isang paaralan?
   A. Barangay 165, Caloocan City.
   B. Mansanas Elementary School.
   C. Itinatag ang paaralab noong January 12, 1984
4. Ako ay nag-aaral sa Gumahan Elementary School. Ano kaya ang posibleng dahilan kung bakit ipinangalan ang aming paaralan sa Gumahan?
   A. dahil sa may maraming bukid ang lugar namin.
   B. dahil sa maraming tubod mayroon ang aming lugar.
   C. dahil sa may maraming tanim na goma ang aming lugar.
5. Ang paaralan ni Allan itinatag noong 1986. Ito ay 34 na taon ngayon. Ilang taon na ang paaralan?
   A. 24 taon
   B. 34 taon
   C. 40 taon



## ***Karagdagang Gawain***

Ngayon, isulat naman ang mga batayang impormasyon tungkol sa iyong paaralan. Alamin mo ang lokasyon, dahilan kung bakit ipinangalan ang paaralan sa taong ito, at ang gulang simula sa pagkatatag nito. Magsaliksik upang matugunan mo ng wastong sagot.

1. Nag-aaral ako sa ______________________________________

______________________________________________________.

2. Ito ay nasa ___________________________________________

______________________________________________________.

3. Itinatag ito noong ____________________________________.

4. Ito ay ____________________ taong gulang na.

5. Ang dahilan ng pagkapangalan nito ay

_______________________________________________________

_______________________________________________________

_______________________________________________________

__________________________________________________.

# *Susi ng Pagwawasto*

**Karagdagang Gawain**

Ang guro ang magwawasto

**Tayahin**

1. A
2. C
3. A
4. C
5. B

**Isaisip**

1. Romano Elementary School
2. Daang Bantayan, Cebu City
3. 1984
4. 36 taon
5. ngalan ng isang mabait na kapitan sa kanilang barangay noon

**Gawain**

1. C
2. B
3. A
4. B
5. C

**Pagyamanin**

1. D
2. C
3. A
4. B
5. E

**Balikan**

1. E
2. A
3. D
4. B
5. C

# *Sanggunian*


Maria, Lusung-Oyson and Agcaoili.*Araling Panlipunan 1Patnubay ng Guro*. Pasig City Philippines: Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat **(DepEd-IMCS).**2012.

Miranda, et al. *Araling Panlipunan 1 Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuaong Binisaya*. Pasig City, Philippines: Department of Education-Bureau of Learning Resourses **(DepEd-BLR).**2017

*Pagsulong at Pagbabago (Sarili, Pamilya, at Paaralan)*.Makati City, Philippines:DIWA Learning Systems INC.2013

Revised MELC for ARAL PAN Grade 1

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.